

Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan No. C19-07i**Apendiks A: Protokol sa Panlipunang Distansya (rebisyo 9/14/2020)**

Ang bawat nagpapatakbo ng negosyo sa San Francisco ay dapat kumpletuhin, ipaskil sa lugar, at sundin ang Protokol ng Panlipunang Distansya na ito. Tingnan ang nakalakip na **Mga Tagubilin at Rekisito** para sa mga detalye sa kung ano ang kinakailangan at paano makumpleto ang listahan na ito.

Markahan ang lahat ng mga item sa ibaba na nalalapat at ilarawan ang iba pang kinakailangan na impormasyon.

Pangalan ng Negosyo:

Pangalan:

Address ng Pasilidad:

Telepono:

(Maaari kang makipag ugnay sa taong nakalista sa itaas para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito.)

SIGNAGE AT EDUKASYON

- Magpaskil ng abiso sa bawat pampublikong pasukan sa pasilidad na ang lahat ay nangangailangan na:
 - (1) huwag pumasok kung nakakaranas ng mga sintomas ng COVID-19 (ubo, lagnat, o masama ang pakiramdam);
 - (2) magpanatili ng hindi liliit pa sa anim na talampakan na distansya mula sa iba sa linya at sa loob ng pasilidad; at
 - (3) magsuot ng panakip-mukha; at
 - (4) para sa mga sariling dalang supot, ilagay ang mga dalang supot sa cart/basket o dalhin at ilagay ang sariling pinamili sa supot pagkatapos magbayad.
- Magpaskil ng kopya ng dalawang pahinang listahan ng Protokol sa Panlipunang Distansya sa bawat pampublikong pasukan.
- Magpaskil ng abiso na magpapakita ng pinaka maraming bilang ng mga kostumer na maaaring nasa linya at sa loob ng pasilidad.
- Ituro sa mga Tauhan ang tungkol sa Protokol na ito at iba pang kaugnay sa mga kinakailangan para sa kaligtasan sa COVID-19.

MGA HAKBANG PARA SA PROTEKSYON

- Sundin ang Seksyon 2.1 hanggang 2.4 sa ibaba, kasama ang:
 - Tiyakin na ang Tauhan ay manatili sa bahay o umalis sa trabaho kung sila ay may sakit
 - Magbigay ng kopya ng Personal Screening Attachment (A-1) o Personal na Pagsusuri na Kalakip sa Tauhan para matiyak na nauunawaan nila kung kailan mananatili sa bahay; ang mga isinalin na bersyon ay makukuha online
 - Tiyakin na susuriin ng Tauhan ang mga pamantayan sa kalusugan bago ang bawat paghalili (shift) at payuhan ang Tauhan kung ano ang gagawin kung kinakailangan silang manatili sa bahay
- Kailangan ng mga Tauhan at mga kostumer na magsuot ng panakip mukha tulad ng hinihingi sa kautusan ng Opisyal ng Kalusugan.
- Magpatupad ng isang plano para mapanatiling ligtas ang mga Tauhan sa lugar, kabilang ang paglilimita sa bilang ng Tauhan at mga kostumer sa isang numero na sisiguro sa pisikal na

paglayo at pag apruba ng pahintulot sa mga Tauhan na gawin ang kanilang mga tungkulin mula sa bahay kung maari.

Listahan

- Tiyakin na maaaring kanselahin ng mga kostumer ang isang appointment o reserbasyon nang walang pinansiyal na multa sa anumang mga sintomas ng COVID-19 o dahilan na kaugnay sa COVID-19 at nangangailangan ng pagkansela dahil sa lagnat o malubhang pag-ubo na hindi sanhi ng isang umiiral na kondisyon, ngunit maaaring mag-alok na i-skedyul muli para sa ibang oras kung nais ng kostumer na i-skedyul muli kesa kanselahin.

MGA HAKBANG PARA MAIWASAN ANG HINDI KINAKAILANGANG UGNAYAN

- Sabihan ang mga Tauhan at kostumer na panatilihin ang pisikal na pagdistansya na hindi bababa pa sa anim na talampakan, maliban sa Tauhan na maaaring lumapit ng sandali kung kailangan para tumanggap ng bayad, maghatid ng kalakal o serbisyo, o kung kinakailangan.
- Paghiwalayin ang lahat ng mga nagamit na mesa o indibidwal na istasyon sa trabahao nang hindi bababa sa anim na talampakan.
- Maglagay ng marka sa lugar ng pila ng mga kostumer para masiguro ang anim na talampakan ang pisikal na distansya (sa loob at labas).
- Maglaan ng mga “contactless” na sistema ng pagbabayad o, kung hindi magagawa, regular na disimpektahin ang mga sistema ng pagbabayad. Hingi ng Lupon ng mga Tagapangasiwa (Board of Supervisors) na tanggapin ng mga negosyo ang pera (cash)—kung gumamit ng pera, hikayatin ang eksaktong bayad.
- Panatilihin ang Plexiglas o iba pang hadlang sa pagitan ng mga kostumer at Tauhan sa oras ng pagbabayad (kung hindi possible, siguraduhin na hindi bababa sa anim na talampakan ang distansya)
- Limitahan ang bilang ng mga kostumer sa tindahan sa bawat oras sa: _____
- Paghiwalayin ang mga lugar ng pag-order mula sa mga lugar ng paghahatid o kahit na anong makakatulong sa pagdistansya ng mga kostumer kapag posible
- Opsyonal—Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

MGA HAKBANG SA PAG-SANITIZE

- Regular na disimpektahin ang mga lugar na madalas mahawakan, at patuloy itong gawin para sa mga lugar na hinahawakan ng mga kostumer (ibabaw ng mga counter, mga sistema sa pagbabayad, mga bolpen, at mga stylus)
- Maglaan ng mga pang-disimpekta na wipes na epektibo laban sa SARS-CoV-2 malapit sa mga shopping cart, basket, lugar na madalas mahawakan, at magbigay ng sanitizer para sa kamay.
- Maglaan ng Tauhan para magdisimpekta ng mga cart at basket pagkatapos ng bawat paggamit
- Magbigay ng hand sanitizer, lababo na may sabon at tubig, at/o disinfecting wipes sa mga kostumer at Tauhan sa malapit sa pasukan ng pasilidad, sa mga checkout counter, at kahit saan pang lugar kung saan ang mga tao ay may direktang pakikipag-ugnayan

Listahan

- Palaging disimpektahin ang mga silid pahingahan, banyo, at iba pang karaniwang lugar, sa sumusunod na iskedyul:
 - Silid pahingahan:
 - Banyo:
 - Iba pa:
- Pigilan ang mga tao mula sa pagsisilbi sa sarili sa anumang bagay na nauugnay sa pagkain:
 - Ang mga Tauhan ay dapat magbigay ng pantakip at kubyertos para sa mga pagkain, at hindi sariling kunin ng mga kostumer
 - Limitahan ang pagkuha ng bulk-item na pagkain sa mga Tauhan – hindi maaari ang ang pagsisilbi sa sarili
- Hingin sa mga kostumer at Tauhan na sumunod sa mga rekisito ng Seksyon 3.25 para sa pagdadala ng sariling supot at ipagbawal sa mga kostumer ang pagdadala ng baso ng kape, o iba pang “reusable” (magagamit ulit) na gamit.
- Ipagbawal sa mga Tauhan ang paggamit ng halinhinang kagamitan sa paghahanda ng pagkain para sa sarili (halimbawa: mga microwave, cooler ng tubig), ngunit ang microwave ay maaaring gamitin kung ito ay didisimpektahin sa pagitan ng bawat paggamit at mayroong hand sanitizer na malapit at maaaring gamitin ang mga cooler ng tubig na nakabalangkas sa Seksyon 3.14 sa ibaba.
- Opsyonal – Ilarawan ang iba pang mga hakbang (halimbawa: pagbibigay ng oras para sa mga may edad lamang):

DIREKTIBA NA ESPESIPIKO SA INDUSTRIYA

- Tiyakin na nabasa at naipatupad ang nakalakup na listahan na mga rekisito.
- Bilang karagdagan sa pagsunod sa Protokol sa Panlipunang Distansya, maraming mga negosyo ang dapat sumunod sa mga karagdagang mga direktiba na espesipiko sa industriya. Pumunta sa www.sfdph.org/directives at tingnan para malaman kung ang iyong negosyo ay sumasailalim sa isa o higit pang mga karagdagang direktiba. Para sa bawat isa, dapat mong suriin ang mga kinakailangan sa Plano para sa Kalusugan at Kaligtasan o Health & Safety Plan (HSP) at magpaskil ng listahan para sa bawat isang nalalapat. Kung sakaling baguhin ng anumang direktiba ang rekisito ng Protokol sa Panlipunang Distansya, ang mas espesipikong wika na kontrolado ng direktiba, kahit na mas mababa ang restriksyon. Markahan ang kahon na ito matapos mong suriin ang listahan at maipaskil ang anumang iba pang kinakailangang HSP.

* Ang anumang karagdagang mga hakbang ay maaaring ilista sa hiwalay na mga pahina at nakalakup.

[Hindi kinakailangan na ipaskil ang mga Tagubilin at Rekisito na ito]**Tagubilin:**

Ang dalawang pahinang listahan sa Protokol sa Panlipunan na Distansya sa itaas ay dapat sumasalamain sa pagkumpleto ng negosyo sa bawat rekesito na nakalista sa ibaba maliban kung ang isang bagay ay hindi naaangkop. Gamitin ang dalawang pahinang listahan sa itaas para maipakita ang pagsunod sa mga rekisito. Ang negosyo ay hindi kinakailangang magpaskil ng mga Instruksyon at Rekisito, ang listahan sa itaas lamang. Ang salitang “Tauhan” ay tinutukoy sa Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan No. C19-07f kung saan nakalakip ang Apendiks na ito. Ang salitang “kostumer” ay kabilang ang mga kostumer, iba pang naghahanap ng mga serbisyo, mga bisita, at panauhin.

Mga Rekisito:

Bilang karagdagan sa mga item sa ibaba, ang protokol na ito ay kinakailangan na ang negosyo ay siguraduhin na ang Tauhan na magsasagawa ng trabaho na nauugnay sa negosyo ay tinugunan ng Protokol sa Panlipunang Distansya at sumunod sa mga rekisito na iyon. Ang bawat negosyo ay kinakailangan na gumawa ng ilang mga hakbang sa protokol na may kaugnayan sa Tauhan nito, kabilang ang mga aksyon na nakalista sa Seksyon 2.1 hanggang 2.4 sa ibaba kung may sakit ang tauhan. Ang bawat negosyo ay ipinagbabawal na kumuha ng anumang masamang pagkilos laban sa sinumang Tauhan dahil sa pananatili sa bahay sa mga sitwasyong nakalista sa Seksyon 2.1 hanggang 2.4 sa ibaba. Ang mga tauhan ng bawat negosyo ay ipinagbabawal na pumasok sa trabaho kung sila ay may sakit at dapat sumunod sa protokol. Kasama ang mga tuntunin para sa pagbalik sa trabaho na nakalista sa Seksyon 2.1 hanggang 2.4 sa ibaba.

1. Seksyon 1 – Signage at Edukasyon:

- 1.1.** Magpaskil ng abiso sa bawat pampublikong pasukan ng pasilidad o lokasyon (kung mayroon man) upang ipaalam sa lahat ng mga kostumer na kailangan nilang: huwag maghintay sa linya o pumasok sa pasilidad o lokasyon kung mayroon silang ubo o lagnat, o masama ang pakiramdam; magpanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa iba habang nasa linya o nasa loob ng pasilidad o lokasyon, magsuot ng Panakip-Mukha o barrier mask (isang "Panakip-Mukha") sa lahat ng oras, at huwag makipagkamay o makilahok sa anumang hindi kinakailangang pisikal na pakikipag-ugnay; at kung sila ay may dala na sariling “reusable” (magagamit ulit) na supot o lalagyan, iwanan ang supot o lalagyan sa kart/basket o dalhin at ilagay ang sariling pinamili pagkatapos magbayad. Inilatag ang mga Pamantayan sa mga Panakip-Mukha at mga rekisitong nauugnay sa kanilang gamit sa Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. C19-12, na inisyu noong Abril 17, 2020 (ang “Kautusan sa Panakip-Mukha”). Makakuha ng mga halimbawang karatula online sa <https://sf.gov/outreach-toolkit-coronavirus-covid-19>. Ang listahan ng mga karaniwang sintomas ng COVID-19 ay matatagpuan sa <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/symptoms-testing/symptoms.html>.
- 1.2.** Magpaskil ng kopya ng listahan sa Protokol sa Panlipunang Distansya sa bawat pampublikong pasukan sa pasilidad o lokasyon.
- 1.3.** Ipamahagi sa lahat ng Tauhan ang mga “hard copy o electronic format” na kopya ng listahan sa Protokol sa Panlipunang Distansya.
- 1.4.** Turuan ang lahat ng Tauhan sa mga rekisito ng Protokol sa Panlipunang Distansya at anumang iba pang naaangkop na direktiba ng Opisyal sa Kalusugan.

2. Mga Kinakailangan sa Pagsusuri at Kaugnay na mga Restriksyon

Ang mga negosyo at iba pang mga entidad sa Lungsod na pinapavaqan na maq-opera ay dapat suriin ang lahat ng Tauhan kada araw gamit ang proseso ng pagsusuri na inilarawan sa Seksyon 2.1 hanggang 2.4 sa ibaba. Nakalaki sa Apendiks na ito ang Personnel Screening Attachment (**Attachment A-1**) o Personal na Pagsusuri na Kalaki na nagbibigay ng mga tanong na kailangan gamitin para sa layuning ivon. Ang form na ivon ay maaaring gamitin, o ang negosyo ay maaaring iakma ang mga tanong na qagamitin sa pamamagitan ng ibang pamamaraan tulad ng telepono, text message, email, web interface, o app.

Hiwalay dito, maraming mga negosyo at iba pang mga entidad na pinapavaqan na maq bukas ay kinakailangan sa pamamagitan ng hiwalay na maq direktiba na suriin ang maq panauhin, bisita, kostumer, o iba pa gamit ang katulad na maq katanungan. Nakalaki sa Apendiks na ito ay ang San Francisco COVID-19 Health Screening Form (**Attachment A-2**) na maaaring gamitin para sa layuning ito. Kung ang isang direktiba ay nangangailangan ng paggamit ng San Francisco COVID-19 Health Screening Form, pagkatapos ay dapat gamitin o ang negosyo o entidad ay maaaring iakma ang mga tanong para gamitin sa pamamagitan ng ibang pamamaraan tulad ng telepono, text message, email, web interface, o app.

Ang isang kopya ng naaangkop na form na pagsusuri ay dapat ibigay sa sinuman sa kahilingan, bagaman ang isang poster o iba pang malalaking format na bersyon ng form ay maaaring gamitin upang repasuhin ang mga tanong sa maq tao sa pasukan. Ang mga negosyo at organisasyon ay maaaring gumamit ng gabay na makukuha online sa <https://www.sfcddp.org/wp-content/uploads/2020/05/COVID19-Screening-Questions-UPDATE-05.2020.pdf> para sa pagtukoy kung paano pinakamainam na maisaqawa ang pagsusuri. Ang Lungsod ay may maq flyer, poster, fact sheet, at social media graphics na makukuha sa maraming wika para gamitin ng komunidad. Kabilang sa maq mapagkukunan o resources na ito ang maq poster tungkol sa paggamit ng Panakip Mukha at pagsusuri. Ang mga sangguniang ito ay makukuha online sa <https://sf.gov/outreach-toolkit-coronavirus-covid-19>.

Ang mga kinakailangan sa pagsusuri na nakalista sa Apendiks na ito ay napapailalim sa anumang partikular na (o iba't ibang) kinakailangan na angkop sa ilalim ng anumang iba pang direktiba o kautusan ng Opisyal sa Kalusugan.

Pagsusuri ng Tauhan at mga Restriksyon:

- 2.1.** Abisuhan ang lahat ng Tauhan nang pasalita at nang nakasulat na huwag pumasok sa trabaho o sa pasilidad kung sila ay may sakit.
- 2.2.** Magbigay ng kopya ng Personnel Screening Attachment (Attachment A-1) o Personal na Pagsusuri na Kalaki sa lahat ng Tauhan na regular na nagtatrabaho sa pasilidad o lokasyon sa hardcopy format o elektroniko. Ang PDF at isinalin na maq bersyon ng Personnel Screening Attachment o Personal na Pagsusuri na Kalaki ay matatagpuan sa www.sfcddp.org/screening-handout. Kung na-update ang Personnel Screening Attachment o Personal na Pagsusuri na Kalaki, magbigay ng nabaqo na kopya sa lahat ng Tauhan. Sa halip na ipadala ang kalaki, maaaring pagtibayin ng mga Negosyo ang mga tanong mula sa Personnel Screening Attachment o Personal na Pagsusuri na Kalaki at tanungin ang mga Tauhan sa pamamagitan ng iba pang format.
- 2.3.** Repasuhin ang pamantayang nakalista sa Part 1 ng Personal Screening Attachment o Personal na Pagsusuri na Kalaki araw-araw sa lahat ng Tauhan sa loob ng Lungsod na madalas na nagtatrabaho sa pasilidad o lokasyon bago pumasok ang bawat tao sa lugar ng trabaho o magsimula ng kanilang shift. Kung hindi posibleng gawin ang ganitong pagrepaso dahil ang Negosyo ay hindi direktang nakakasalamuha ang ilang Tauhan sa lugar araw-araw,

Rekisito

kung gayon ang Negosyong Retail ay kailangang utusan ang mga Tauhan na iyon na (1) repasuhin ang mga pamantayan bago magsimula ang bawat shift sa Lungsod at (2) dapat iulat ng naturang Tauhan sa Negosyo na maaari na silang magsimula ng shift sa pamamagitan ng app, website, o pagtawag sa telepono.

Turuan ang sinumang Tauhan na sumagot ng oo sa anumang katanungan sa Bahagi 1 ng Kalakip na bumalik sa bahay o huwag pumasok sa trabaho ang mga direksyon sa Kalakip.

- 2.4.** Sabihan ang Tauhan na nanatili sa bahay o umuwi batay sa mga pamantayang nakalista sa Screening Attachment o Pagsusuri na Kalakip na kailangan nilang sundin ang mga pamantayan ngayundin ang anumang angkop na mga kinakailangan mula sa kwarantena at paghihiwalay (makikita sa www.sfdph.org/healthorders) bago bumalik sa trabaho. Kung kailangan silang mag-kwarantena o ihiwalay ang sarili, maaari lamang silang bumalik sa trabaho matapos nilang makumpleto ang sariling kwarantena o paghihiwalay ng sarili. Kung neqatibo ang pagsubok para sa virus (walang nataqpuang virus), maaari lamang silang bumalik sa trabaho pagkatapos maghintay para sa oras na nakalista sa Kalakip pagkatapos malutas ang kanilang mga sintomas. Hindi kailangan magbiqay ng sulat na medikal clearance para makabalik hangga't natugunan nila ang mga kinakailangan na nakasaad sa Personnel Screening Attachment o Personal na Pagsusuri na Kalakip. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa paghihiwalay at pag-kwarantena ay makukuha online sa www.sfcddcp.org/i&q.

Panauhin, Bisita, Kostumer, at Iba Pang Pagsusuri ng Tao at Restriksyon:

- 2.5.** Ang mga direktiba sa Opisyal ng Kalusugan ay maaaring mangailangan ng pagsusuri ng mga panauhin, bisita, kostumer, at iba pa gamit ang San Francisco COVID-19 Health Screening Form (**Attachment A-2**). Sa pangkalahatan, sinuman na sumasagot ng "oo" sa anumang tanong sa pagsusuri sa San Francisco COVID-19 Health Screening Form ay hindi dapat pumasok sa negosyo o pasilidad dahil sila ay nanganganib na magkaroon ng virus na nagiging sanhi ng COVID-19. Nakalista sa form ang mga hakbang na dapat gawin ng sinumang sumasagot ng "oo" sa isang tanong sa pagsusuri. Sa ilang pagkakataon, kakailanganin ng Opisyal ng Kalusugan na sinumang sumasagot ng "oo" na pagbawalan pumasok. Sa iba pang mga sitwasyon, pinanghihinaan ng loob ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ang mga organisasyon mula sa pagtanggap sa mahahalagang serbisyo sa mga taong maaaring sumagot ng "oo" sa alinman sa mga tanong at naghihikayat sa mga organisasyon na makahanap ng alternatibong paraan upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga kliyente na hindi nila kailangang pumasok sa pasilidad.

3. Iba pang mga Tauhan at Proteksyon ng Kostumer at Mga Kinakailangan sa Sanitasyon:

- 3.1.** Ang mga negosyo ay kailangang paminsan-minsan na suriin ang sumusunod na website para sa anumang mga kinakailangan sa pagsusuri para sa mga employer at negosyo: www.sfcddcp.org/covid19. Kung may idinagdag na mga kinakailangan, tiyakin na ang negosyo at lahat ng Tauhan ay sumusunod sa mga kinakailangan sa pagsusuri.
- 3.2.** Kung ang isang aspeto ng negosyo ay pinapayagan na mag-opera at sakop ng direktiba ng Opisyal ng Kalusugan, ang negosyo ay dapat sumunod sa lahat ng angkop na direksyon pati na rin ang Protokol sa Panlipunang Distansya. Ang mga kopya ng iba pang mga direktiba ay makukuha online www.sfdph.org/directives. Para sa bawat direktiba na angkop, repasuhin ang Health and Safety Plan (HSP) at mag-paskil ng karagdagang HSP na listahan para sa bawat isa na angkop. Sa kaganapan na anumang direktiba ay palitan ang mga kinakailangan ng Protokol sa Panlipunang Distansya, mas partikular na wika ng kontrol ng direktiba, kahit na ito ay mas maluwag.

- 3.3.** Tagubilin ang lahat ng mga Tauhan at kostumer upang mapanatili ang hindi bababa sa anim-na-talampakang distansya mula sa iba, pati na kung kailan nasa linya at kapag namimili o nangongolekta ng mga kalakal para sa kapakanan ng mga kostumer, maliban kung kinakailangan upang mapadali o tanggapin ang bayad at ibigay ang mga pinamili o maghatid ng mga kalakal. Tandaan na kung hindi masiguro ng negosyo ang pagpapanatili ng anim-na-talampakang distansya sa loob ng lokasyon o pasilidad sa pagitan ng mga Tauhan o iba pang tao, tulad ng paglipat ng mga istasyon ng trabaho o pagpapalaganap ng mga tauhan, dapat nitong bawasan ang bilang ng mga tauhang pinapayagan sa lokasyon o pasilidad ayon dito.
- 3.4.** Magbigay ng mga Panakip Mukha para sa lahat ng mga Tauhan, na may mga tagubilin na dapat silang magsuot ng Panakip Mukha sa lahat ng oras kapag nasa trabaho, bilang karagdang itinakda sa Kautusan ng Panakip Mukha (Face Covering Order). Ang isang halimbawa na sign ay makikita online sa <https://sf.gov/outreach-toolkit-coronavirus-covid-19>. Payagan ang mga Tauhan na magdala ng sarili nilang Panakip Mukha kung ito ay nalinis bago ng kanilang shift. Sa pangkalahatan, ang mga tao ay dapat mayroong maraming Panakip Mukha (kung reusable (magagamit ulit) o disposable (isaing gamitan lamang) man) upang matiyak na malinis ang ginagamit nila sa bawat araw. Ang Kautusan ng Panakip Mukha ay nagpapahintulot sa ilang eksepsyon, at ang negosyo ay dapat malaman ang mga eksepsyon na nagpapahintulot sa isang tao na huwag magsuot ng Panakip Mukha (halimbawa: mga bata 12 taong gulang o mas bata o batay sa nakasulat na paumanhing medikal). Kapag ang mga Tauhan ay hindi magsusuot ng Panakip Mukha dahil sa isang eksepsyon, gumawa ng mga hakbang upang mapataas ang kaligtasan para sa lahat.
- 3.5.** Kung naghihintay ang mga kostumer sa linya sa labas o sa loob ng anumang pasilidad o lokasyon na pinataakbo ng negosyo, kailangan ng mga kostumer na magsuot ng Panakip Mukha habang naghihintay sa linya o sa loob ng pasilidad o lokasyon. Kabilang dito ang pagkuha ng mga hakbang upang ipaalam sa mga kostumer na hindi sila pagsisilbihan kung sila ay nasa linya nang walang Panakip Mukha at tumanging maglingkod sa isang kostumer na walang Panakip Mukha, tulad ng karagdang ibinigay sa Kautusan ng Panakip Mukha. Ang negosyo ay maaaring magbigay ng malinis na Panakip Mukha sa mga kostumer habang nasa linya. Para sa kalinawan, ang transaksyon o serbisyo ay dapat na hindi ituloy kung ang kostumer ay walang suot na Panakip Mukha. Ngunit ang negosyo ay dapat pahintulutan ang isang kostumer na may eksepsyon sa Kautusan ng Panakip Mukha mula sa pagsusuot ng Panakip Mukha upang magsagawa ng kanilang transaksyon o serbisyo, kabilang ang pagkuha ng mga hakbang na maaaring dagdagan ang kaligtasan para sa lahat.
- 3.6.** Bigyan akses sa lababo na may sabon, tubig, at de-papel na tuwalya para sa paghuhugas ng lahat ng Tauhan sa pasilidad o lokasyon at para sa mga kostumer kung ang mga lababo at banyo ay bukas sa mga kostumer. Hinihiling na ang lahat ng mga tauhan ay maghugas sa simula at katapusan ng bawat shift, pagkatapos ng pagbahing, pag-ubo, pagkain, pag-inom, paninigarilyo (sa malawak na paninigarilyo ay pinapayagan ng batas at negosyo), o paggamit ng banyo, kapag nagbabago ng mga gawain, at, kapag maaari, madalas na sa panahon ng bawat shift. Ang mga tauhang nagtatrabaho off-site, tulad ng pagmamaneho o paghahatid ng mga kalakal, ay kailangang gumamit ng hand sanitizer sa kabuohan ng kanilang shift.
- 3.7.** Magbigay ng hand sanitizer na epektibo laban sa SARS-CoV-2, ang virus na nagsasanhi ng COVID-19 sa naaangkop na lokasyon para sa lahat ng mga kostumer at sa iba pang lugar sa loob ng pasilidad o lokasyon. Kailangan ding magbigay ng sanitizer sa Tauhan na namimili, nagde-deliver, o nagmamaneho kapag sila ay namimili, nagde-deliver, o nagmamaneho. Kung walang makuhang sanitizer, maaaring sapat na ang isang istasyon sa paghuhugas ng kamay gamit ang sabon, tubig, at mga paper towel para sa mga kostumer at ilang Tauhan na nasa pasilidad o lokasyon ng Negosyo. Ngunit para sa mga Tauhan na namimili, naghahatid, o nagmamaneho na nauugnay sa kanilang trabaho, kailangang maglagay ang Negosyo ng

hand sanitizer na epektibo laban sa SARS-CoV-2 sa lahat ng oras; sa anumang oras na kung saan hindi nagbigay ang Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup ng sanitizer sa naturang Tauhan na namimili, naghahatid, o nagmamaneho, hindi pinahihintulutan ang Negosyo na magpatakbo sa Lungsod para sa aspetong iyon ng kanilang serbisyo. Ang impormasyon sa hand sanitizer, kabilang ang sanitizer na epektibo laban sa SARS-CoV-2 at kung paano makakakuha ng sanitizer, ay makikita online mula sa Food and Drug Administration dito: <https://www.fda.gov/drugs/information-drug-class/qa-consumers-hand-sanitizers-and-covid-19>.

- 3.8.** Magbigay ng disinfectant at mga kaugnay na supply sa Tauhan at utusan ang mga Tauhan na linisin ang lahat na madalas hawakang lugar na kontrolado nila, kabilang ngunit hindi limitado sa: mga shopping cart at basket na ginagamit ng Tauhan at mga kostumer; countertop, display case ng mga pagkain/item, pintuan ng kaha ng refrigerator at freezer, mga drawer ng mga tool o hardware, at mga lugar ng pag-checkout; mga cash register, kagamitan sa pagbabayad, at mga self-checkout kiosk; hawakan ng pintuan; mga tool at kagamitang ginagamit ng Tauhan sa loob ng shift; at anumang kagamitan o aparato na ginagamit sa pagtunton ng imbentaryo o delivery na kailangang hawakan ng buong shift sa trabaho. Ang mga item na ito ay dapat madalas na dini-disinfect sa buong araw, kabilang ang iniaatas sa ibaba. Matatagpuan ang listahan ng mga produktong inilista ng United States Environmental Protection Agency bilang nakakatugon sa mga pamantayan sa paggamit laban sa virus na nagiging sanhi ng SARS-CoV-2 dito: <https://www.epa.gov/pesticide-registration/list-n-disinfectants-use-against-sars-cov-2>.
- 3.9.** Siguraduhin na ang lahat ng aparato at kagamitang ginagamit din ng ibang tao ay nalinisan at/o nadisinfect ng Tauhan ng madalas na iskedyul, sa simula at sa katapusan ng shift ng trabaho at sa loob ng shift ng bawat miyembro ng Tauhan.
- 3.10.** Direktahin ang lahat ng Tauhan na iwasan ang paghawak sa mga hindi na-sanitize na mga pang-ibabaw, tulad ng hawakan ng pinto o credit card, maliban kung ang kagamitang pang proteksyon tulad ng mga guwantes (na ibinigay ng Negosyo) ay ginagamit at itinapon matapos ang bawat paggamit o gumamit ng hand sanitizer pagkatapos ng bawat interaksyon.
- 3.11.** Madalas na idisinfect ang anumang break room, banyo, at iba pang mga common area. Lumikha at gumamit ng pang-araw-araw na checklist upang madokumento ang bawat pagkakataong nadisinfect ang mga silid o area na ito. Maingat na ipaskil ang listahan sa loob ng bawat kaukulang silid ng pahingahan, banyo, o iba pang common areas ng mailnaw at nagdedetalye sa mga petsa at oras na ang silid ay huling nalinis, dinisimpekta, o na-restock.
- 3.12.** Para sa anumang pasilidad o lokasyong pinapatakbo ng Negosyo na mayroong mga shopping cart o basket na ginagamit ng Tauhan, magtalaga ng Tauhan na magdidisinfect sa mga shopping cart at basket pagkatapos ng bawat paggamit at gumawa ng mga hakbang upang mapigilan ang sinuman na hawakan ang mga nagamit na cart at basket bago nadisinfect ang mga ito.
- 3.13.** Magtatag ng sapat na oras sa loob ng araw ng trabaho upang magbigay-daan sa wastong paglilinis at dekontaminasyon sa buong pasilidad o lokasyon ng Tauhan kabilang, ngunit hindi limitado, bago magsara sa katapusan ng araw at magbukas sa umaga.
- 3.14.** Maliban kung nakalista sa Bahaging Ito 3.14, suspendihin ang paggamit ng anumang microwave, cooler ng tubig, pag-inom sa mga fountain, at iba pang katulad na grupo para sa break hanggang sa karagdagang paunawa. Ang mga microwave ay maaaring gamitin kung natatangi sa pamamagitan ng pagpunas ng loob at panlabas na may inapubahang disinfectant pagkatapos ng bawat paggamit. Ang mga cooler ay maaaring gamitin kung:
- i) ang pang-ibabaw ay pinunasan ng may inapubahang disinfectant pagkatapos ng bawat

paggamit; at ii) sinumang tao na nagpapalit ng isang container-type na cooler ng tubig ay dapat maghugas ng kanilang mga kamay o gumamit kaagad ng hand sanitizer bago hawakan/nagpapalit ng lalagyan ng tubig.

- 3.15.** Kapag posible, maglaan ng hadlang sa pagitan ng kostumer at ng cashier tulad ng isang plexi-glass temporary barrier (temporaryong pangharang). Kapag hindi posible, lumikha ng sapat na espasyo upang makatayo ang kostumer ng higit sa anim na talampakan mula sa cashier habang inii-scan/tina-tally ang mga item at isinisilid sa bag.
- 3.16.** Maqqaqay ng mga contactless payment system, o kung hindi maaari, i-sanitize ang mga payment system, kabilang ang mga touch screen, payment portal, bolpen, at stylus, pagkatapos ng bawat paggamit ng kostumer. Maaaring magbayad ang mga kostumer ng cash ngunit upang higit pang limitahan ang kontak ng tao sa tao, dapat hikayatin ng Tauhan ang mga kostumer na gumamit ng mga credit, debit, o gift card para sa pagbabayad.
- 3.17.** Para sa anumang mas malaking pasilidad o lokasyon, maqtalaga ng isang sanitation worker sa lahat ng oras upang patuloy na malinis at ma-sanitize ang mga kadalasang nahahawakang lugar (surfaces) at matuqunan ang mga patnubay sa paglilinis ng kapaligiran na itinakda ng Center for Disease Control and Prevention (Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil sa Sakit).
- 3.18.** Kung ang isang empleyado o ibang Tauhan ay naqpositibo sa COVID-19 o SARS-CoV-2, sundin ang qabay sa “Patnubay ng neqosyo kung ang miyembro ng tauhan ay naqpositibo sa COVID-19,” na makikita online sa [sf.gov/business-guidance-if-staff-member-tests-positive-covid-19](https://www.sf.gov/business-guidance-if-staff-member-tests-positive-covid-19).
- 3.19.** Magpaskil ng mga karatula upang ipaalam sa mga kostumer kung ano ang pinakamaraming bilang ng mga kostumer sa kapasidad ng linya para matiyak na hindi ito malalampasan. Kapag ang pinakamaraming bilang ng mga kostumer ay naabot, dapat payuhan ang mga kostumer na bumalik mamaya upang maiwasan na madagdagan ang kasikipan sa linya.
- 3.20.** Maglagay ng tape o iba pang mga marka sa sahig na mayroong hindi kukulangin sa anim na talampakan ang distansya ng linya ng mga kostumer sa labas ng pasilidad na may mga karatula na nagdidirekta sa mga kostumer na gamitin ang mga marka upang mapanatili ang distansya.
- 3.21.** Kapaq naqlalaqay muli ng mga item sa mga estante, kung mayroon man, siguraduhing naqhugas o naq-sanitize ng kamay ang Tauhan bago maqqaqay ng mga item sa mga estante, tiyakin na muling naqhuhuqas o maqsa-sanitize ng kamay ang Tauhan kung nakontamina ang mga ito sa pamamagitan ng paghawak sa mukha o buhok o ng pagkakalantad sa iba pang maduming pang-ibabaw.
- 3.22.** Siguraduhin na ang lahat ng Tauhan na namimili o pumipili ng mga item para sa ibang mga kostumer ay nakasuot ng Panakip-Mukha kapag namimili, nag-eempake, at/o kapag nagde-deliver ng mga item.
- 3.23.** Hingin sa Tauhan na hugasan nang madalas ang mga kamay, kabilang ang:
- Kapag pumapasok sa kusina o lugar ng paghahanda ng pagkain
 - Bago simulan ang paghahanda o pagsisilbi sa pagkain
 - Pagkatapos hawakan ang kanilang mukha, buhok, o iba pang parte ng kanilang katawan

Rekisito

- Pagkatapos gumamit ng banyo Pagkatapos umubo, bumahing, gumamit ng tissue, manigarilyo, kumain, o uminom
- Bago magsuot ng guwantes
- Pagkatapos lumahok sa mga aktibidad na maaaring magkontamina ang mga kamay

3.24. Magtakda ng Tauhan na magaasikaso sa pagpapanatili ng sabon at paper towel na kailangan para sa mga lababo at istasyon sa paghugas ng kamay bawat oras at nang malagyan muli ng produktong pang-sanitize.

3.25. [Idinagdag 7/13/20] Kung nagdala ng mga sariling “reusable” (magagamit ulit) na supot o lalagyan ang mga mga kostumer, siguraduhin na ang mga naturang supot o lalagyan, kahit na sa mga konteksto na bukod sa mga tindahan ng grocery, ay nahahawakan sa paraang naaayon sa mga rekisito ng Cal/OSHA at makukuha sa <https://www.dir.ca.gov/dosh/Coronavirus/COVID-19-Infection-Prevention-in-Grocery-Stores.pdf>, kabilang ang lahat ng mga sumusunod:

- Magpaskil ng mga abiso sa lahat ng mga pasukan na may impormasyon tungkol sa kontrol sa impeksyon sa mga kabilang ang paghiling sa mga kostumer na iwan ang kanilang sariling supot o lalagyan sa loob ng shopping kart o basket o dalhin ang mga ito at ibalot ang kanilang mga pinamili pagkatapos magbayad;
- Siguraduhin na hindi hahawakan ng mga Tauhan ang mga supot/lalagyan o maglagay ng mga pinamili;
- Ang mga bag ay hindi dapat ipatong sa conveyor belt, sa counter ng pagbabayad, o ibang pang-ibabaw kung saan pinaglilinkuran ang mga kostumer;
- Tiyakin na ang mga kostumer ang maglagay ng kanilang sariling pinamili kung sila ay nagdala ng kanilang sariling lalagyan o supot;
- Ang mga supot/lalagyan ay hindi maaaring ipatong sa ibabaw ng lugar ng pagbabayad. Maaaring iwanan ang mga pinamili sa kart/basket at ibalot sa ibang lugar ng kostumer pagkatapos magbayad;
- Tiyakin na ang mga kostumer ay pinapanatili ang pisikal na pagdistansya habang nagbabalot ng kanilang mga pinamili; at
- Dagdagan ang dalas ng pagdidisimpekta sa mga lugar kung saan nagbabalot ng mga pinamili at nagbibigay ng serbisyo sa mga kostumer na palaging pinupuntahan ng mga kostumer.

3.26. [Idinagdag 7/13/20] Kung ang isang kostumer ay may sintomas COVID-19 (tingnan ang Seksyon 1.1 sa itaas) o kung hindi man ay hindi makalahok sa isang appointment o reserbasyon na ang dahilan ay kaugnay sa COVID-19, dapat pahintulutan ng negosyo ang kostumer na kanselahin nang walang multang pinansiyal. Kung ang kostumer ay nagsabi na may lagnat o may malubhang pag-ubo na hindi maipaliwanag ng isang nauna nang kondisyon, dapat kanselahin ng negosyo ang appointment o reserbasyon. Maaaring mag-alok ang negosyo na i-skedyul muli ang appointment o reserbasyon ngunit hindi maaaring kailanganin na i-skedyul muli, sa halip ay payagan ang kostumer na kanselahin. Sa konteksto ng pangangalagang pangkalusugan, mas espesipikong direktiba ng Opisyal ng Kalusugan ay maaaring payagan ang mga appointment kapag ang isang pasyente o kliyente ay may sakit, at ang mga rekisito ng direktiba ay dapat sundin sa sitwasyong iyon.

Rekisito

Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan No. C19-07i Apendiks A: Protokol sa Panlipunang Distansya (rebisyo 9/14/2020)

Tandaan- Ang mga Seksyon 3.14 at 3.26 ay may kontrol sa anumang salungat na sinasabi sa Direktiba ng Opisyal ng Kalusugan Numero. 2020-05. 2020-06, at 2020-07 hanggang sa ang bawat isa sa kanila ay palitan o i-update.